Gaudí

Arkitekto ng Diyos

Gaudí

Arkitekto ng Diyos
(1852 – 1926)

© Samahan para sa Beatipikasyon ni Antoni Gaudí
Barcelona - ika-1 Edisyon - Enero 2015

BUOD

Presentasyon 5

Buhay ni Gaudi 6

Ang Kanyang mga Katangiang Kristiyano 13

Reputasyon ng Kabanalan 21

Proseso ng Beatipikasyon 25

Pribadong Debosyon at mga Pabor 28

Panalangin para sa Pribadong Debosyon 30

Bibliograpiya 32

PRESENTASYON

Sa Taglagas ng 1982, ang Banal na Papa Juan Pablo II ay bumisita sa Barcelona at mula sa magandang arkitektura ni Gaudi, nagdasal siya ng Orasyon na kanyang karaniwang dinadasal: «Itong templo ng Sagrada Familia» sinabi nya ay hindi pa tapos ngunit matibay na ang pinagmulan, inaala-ala at pinagsama-sama ang iba pang mga gusali… at isa pang gusali na gawa sa buhay na bato: Ang Pamilyang Kristiyano na kung saan ang pananampalataya at pag-ibig ay ipinapanganak at lumalago ng walang katapusan: Pagpalain nawa ng Panginoon ang iyong pamilya."

Ang Sagrada Familia, na naging gusaling simbolo na ng Barcelona at silhoutte ay kilala sa buong mundo, ay umaakit sa libu-libong panauhin mula sa lahat ng limang kontinente araw-araw. Ang kanyang lubos na orihinal na architectural forms ay mula sa mga simbolong hango sa Kalikasan at sa Pananampalatayang Kristiyano.

Ang nasa likod ng obra maestrang ito at iba pang mga likha, ukol man sa relihiyon at sibil, na kung saan ang ilan ay ipinahayag na "world heritage"—, andoon ang pigura at espiritu ng isang artista na may malalim na pananampalatayang Kristiyano at hindi kailanman pinagdudahan ang kanyang pagkakakilanlan bilang isang arkitekto at bagkus ay nagawa pang isama ang kanyang Pananampalataya at ang kanyang buhay upang maialay ang lahat ng kaluwalhatian sa Diyos: Antoni Gaudi i Cornet.

Noong 1915, noong ang Sugo ng Papa ng Espanya, si Monsignor Ragonesi ay bumisita sa mga obra, pagkatapos

niyang marinig ang mga paliwanag ni Gaudi ay kanyang sinabi: «Ikaw ang Dante ng Arkitektura at ang iyong gawa ay ang pinakamalaking tulang kristiyano na nasa bato».

BUHAY NI GAUDÍ

Si Antoni ay bininyagan sa parokya ng Sant Pere ng Reus —Arsobispado ng Tarragona— noong ika-26 ng Hunyo, 1852. Siya ay ipinanganak sa araw bago ikinasal sina Francesc Gaudi (ng Riudoms) at Antonia Cornet (ng Reus).

Namulat siya sa isang pamilya na ang bokasyon ay ukol sa arkitektura mula sa pagkabata. Sa lugar pagawaan ng kanyang ama, sa Reus, natutunang mag-isip at gumawa ng mga nilalaman at mga hugis. At sa bahay nila sa bukid sa Riudoms, nakatawag pansin sa kanya ang liwanag ng Mediterranean at ang mga imahen ng mga batuhan, halaman at hayop. Magmula noo'y parati niyang itinuturing ang Kalikasan bilang kanyang mahalagang guro.

Si Antoni ay nagkasakit ng rheumatic fever, at ang sakit na ito ay kanyang ininda ng buong buhay. Kahit na ang kanyang panlabas na anyo ay yaong parang sa isang taong malakas at masigla. Siya ay pumanaw matapos mahagip ng tram sa edad na pitumpo't tatlo. Kung di ito nangyari, marahil ay siya ay nabuhay pa ng mga ilan pang taon, sapagkat ang kanyang ama ay namatay sa edad na siyamnapu't tatlo, na may kalakasan ng pangangatawan hanggang sa huling sandali.

Siya ay nakatapos sa mababang paaralan, naging mag-aaral sa Kolehiyo sa mga Escolapios sa Reus, na kung saan niya nakamit ang matibay na pundasyon ng pananampalataya. Nang maglaon, siya ay nagtungo sa kapital upang kumuha ng kurso

**Si Antoni Gaudi habang nililisan ang Katedral ng Barcelona,
sa prosesyon ng Corpus Christi 1924,
nang siya ay 72 taong gulang.**

sa Arkitektura –ang isang bagay na pinagkahumalingan niya sa buhay– sa Superior Technical School of Architecture sa Barcelona.

Natamo niya ang titulong Arkitekto noong 1878, kahit na matagal na siyang nagtatrabaho bilang isang katulong sa mga tanyag na inhinyero at arkitekto upang makalikom ng pantustos sa kanyang kurso pagdating sa mga lakbayin. Ang kanyang interes sa Humanidades ay naghimok sa kanya upang dumalo sa mga klase sa Philosopiya, Aestetiko at Kasaysayan sa University of Barcelona, kabilang ang pagdalo sa mga konsiyerto at pagtatanghal sa teatro, pagbasa ng tula at mga klasiko, at pagbisita sa mga pangunahing bantayog at tanawin sa bansa. Lahat ng ito ay nakaimpluwensiya sa kanya upang gumawa ng arkitekto na may mas malawak at mas kumplikadong pang-unawa. Ang Sining na kung saan ang pagdisenyo ay hango sa mga modelo at batas na kanyang natuklasan mula sa Kalikasan –ang Obra Maestra ng Lumikha, na may angking kinang ng Katotohonan at Kagandahan– ay itinuring niya bilang kanyang natatanging layunin sa buhay.

Si Antoni Gaudi ay walang nailathalang mga aklat, ngunit maraming aklat ang nailathala ukol sa kanya. Ang kanyang napakaraming payo at kasabihan na puno ng pang-unawang makatao at Kristiyano ang kanyang pinakamahalagang naisulat. Hindi sya nagbibigay ng mga kumperensya pero naipapaliwanag nya ng mabuti ang kanyang mahal na Sagrada Familia sa mga panauhin, mga sikat at mga ordinaryong tao, sa mga interesado sa kanyang obra, at nagbibigay sya ng mga payo na punong-puno ng makatao at maka-kristiyanong karu-

nungan sa kanyang mga kasamahan at disipulo. At ito ay nailathala pagkatapos ng kanyang pagkamatay, na binubuo ng mahahalagang naisulat.

Hindi siya nakapag-asawa; siya ay inalagaan ng kanyang ama habang siya ay nabubuhay at ng isang maysakit na ulila at pamangking babae, na siyang kanyang naging pamilya. Parati niyang iniisip ang kalagayan ng kanyang mga kasamahan, kasama sa trabaho at mga manggagawa na kung saan ay nanatiling tapat sa kanya at naging mga tunay na kaibigan.

Noong 1883 —nang siya ay 31 taong gulang— natanggap niya ang trabaho para sa Sagrada Familia, at sinimulang gawin ito unti-unti. Mula sa umpisa, ito ay nakilala na may relihiyosong layunin ng isang Mapagtubos na Simbahan, na itinatag sa pamamagitan ng mga maka-Diyos na magtitinda ng mga aklat na si Josep Maria Bocabella at ng Kapisanang Espirituwal ng mga Deboto ni San Jose, «upang gisingin ang alab ng mga natutulog na puso, maipagbunyi ang Pananampalataya, Kawanggawa, at upang mag-ambag ng sa gayon ang Panginoon ay magkaroon ng awa para sa bansa». Inilagay ni Gaudi ang kanyang arte at ang lahat ng kanyang lakas para sa paglilingkod sa kaluwalhatian ng Diyos sa apatnapu´t tatlong taon na siya ay lumilikha ng kanyang obra; lalo na sa huling sampung taon ng kanyang buhay, kung kailan ito ay pinagtuunan niya ng dedikasyon.

Ang pagkikipakaibigan ni Gaudi sa may ilang kleriko — ang mga obispo: Venerable Torras i Bages, ang kanyang espirituwal na tagapagturo mula sa Vic; Campins, ng Mallorca; at Grau, ng Astorga; at ang mga pari: San Enric d'Osso, ang

tagapagtatag ng Congregation ni Santa Teresa de Jesus; Fr. Gil Pares, ang kura paroko ng Sagrada Familia; at Fr. Agusti Mas, oratorian, na kanyang naging paring kumpisalan— ay naging instrumento para matutunan niya ang mga prinsipyo ng Liturhiya at ang mga Turong Panlipunan ng simbahan, dahil ang mga ito'y mahuhusay na kleriko sa pang-unawa ng pagsambang Kristiyano at kaayusang panlipunan.

Noong si Gaudi ay bata pa, nakita niya at naramdaman ang mga problemang panlipunan ng mga panahong iyon, at siya ay nag-alala sa kondisyon ng buhay ng mga manggagawa. Ang lahat ng mga alalahaning ito ang nagbigay kahulugan sa kanyang proyektong arkitektura sa Mataro Workers Cooperative, ang unang pagawaan na pag-aari ng mga manggagawa sa Espanya. Matapos noon, nakita niya na ang mga talamak na kontradiksiyon ay di mahahanapan ng solusyon sa materyalistikong Mesianismo at kung isakatuparan ang Doktrinang Kristiyanong Panlipunan. Noong 1910 sila ay nagdiwang ng Catholic Social Week na ginanap sa Colonia Guell, sa tulong ng iba't ibang mga pari na bumisita sa pagawaan ng Eusebi Guell, mahusay na tagapagtanggol, kaibigan at parokyano ni Gaudí. Binisita din nila ang kripto sa simbahan na itinayo ng arkitekto sa manggagawang koloniya.

Pagkatapos mamatay ng kanyang pamangking babae noong 1912, siya ay naiwang mag-isa sa kanyang bahay sa Park Güell, at noong Oktubre 1925, lumipat siya upang manirahan sa kanyang studio sa Sagrada Familia.

Siya ay kumbinsido na kapag walang sakripisyo, imposibleng maisulong ang isang obra, kaya't ipinagkatiwala niya

ang kanyang simpleng pamumuhay sa panalangin, pagpepenitensiya at pagsawawalang-bahala sa mga materyal na bagay. Siya ay nagbuhay mahirap at naging isang tambay sa kalsada na humihingi ng donasyon para sa pagpapatayo ng Sagrada Familia. Sa huling ikatlong bahagi ng kanyang buhay, matapos mag-asiste sa misa sa alas-singko y media ng hapon, siya ay naglakad mag-isa patungong simbahan ng Sant Felip Neri, malapit sa Catedrál para sa kanyang mga personal na panalangin at nakipag-usap sa kanyang espirituwal na direktor.

Lugar pagawaan ni Gaudi: Ang mesa kung saan siya parating kumakain ng payak na pananghalian.

Ang pisikal na ehersisyo —mga mahabang lakaran– na kinailangan niya upang guminhawa mula sa kanyang rayuma. Noong Lunes Hunyo 27, 1926, nang nalakad na niya ang malaking bahagi ng kanyang pang araw-araw na nilalakaran, siya ay nabundol ng isang tranvia sa Line 30 (Arch of Triumph hanggang Plaza Catalunya) sa kalye ng Gran Via sa itaas ng Calle Bailen. Hindi siya nakilala ng mga taong kumuha ng kanyang katawan, at ng makita siyang bihis mahirap, siya ay dinala sa Ospital ng Santa Cruz.

Dito'y natupad ang isa sa mga kahilingan na minsan ay naipahayag ni Gaudi: Mamatay na mahirap sa isang ospital para sa kawanggawa, na tanging pag-ibig ng Diyos lamang ang sumasalubong sa kanya. Siya ay binigyan ng Pagpapahid ng Langis sa Maysakit at sa sumunod na araw, bumalik ang kanyang malay, at habang siya ay napapalibutan ng kanyang mga kaibigan, tinanggap niya ang Biyatiko na may masidhing debosyon at noo'y nagawa pang bumigkas nang ilang mga maliwanag na pangungusap. Namatay siya matapos ang dalawang araw, sa Hunyo 10, 1926 pagkatapos niyang sambitin ang kanyang mga huling mga salita: «Amen. Diyos ko! Diyos ko!»

Ang kanyang libing ay isang pambansang pagluluksa na dinaluhan ng katakut-takot na dami ng tao, mula sa awtoridad na sibil at eklesiyastikal hanggang sa mga pangkaraniwang mamamayan. Siya ay inilibing sa isang kripto sa ilalim ng Sagrada Familia, sa kapilya ng Our Lady of Carmen. Doon ang kanyang mga labi ay nahihimlay, at patuloy na sinasamahan ng mga taong bumibisita o dumadating upang magdasal para sa kanyang pamamagitan sa harap ng Diyos.

ANG KANIYANG MGA KATANGIANG KRISTIYANO

Si Antoni Gaudi ay may malinaw na pang-unawa sa likas na ugali ng tao, kasama na ang lahat ng mga bahid nito.

Kinilala niya ang sariling depekto at sinubukan niya itong itama — lalo na ang mga kahihinatnan ng kanilang matatag at malakas na karakter na tipikal sa mga taga-Lower Camp ng Tarragona, ang kanyang tinubuang lupa — isang pagkasabik na maging isang ganap na disipulo, na palaging nakabatay sa pag-ibig sa Diyos at paglilingkod sa kapwa. Matapat niyang sinunod ang mga kautusang moral ng simbahang Katoliko, ibinigay niya ang kanyang sarili sa pagpapatayo ng Templo, iniwan ang magarang pamumuhay, at ang makamundong pagtangkilik sa kanya bilang isang batang arkitekto na may matayog na katayuang propesyonal.

Ang kanyang **PANANAMPALATAYANG** binyag ay hinubog mula sa pagiging maka-Diyos ng kanyang pamilya, lalo na ng kanyang ina na isang seryosong deboto ng Our Lady of Mercy, ang patrona ng Reus— at matatag na pormasyon na natanggap niya sa Piarist Fathers. Makikita sa mga huling taon ng kanyang buhay, sa paaralan kung saan niya natanto ang halaga ng kasaysayan ng pagliligtas sa sangkatuhan ni Kristo na nagkatawang-tao at inialay sa mundo sa pamamagitan ng Birheng Maria. Ang katotohanang mundial na ito, Kristolohikal at Marian, ang bato na hugis ay ang pinakamahalagang monumento ng arkitekura: Ang Sagrada Familia.

ANG PAGMAMAHAL NG DIYOS ay tumataginting sa sensitibong kaluluwa ni Gaudí habang lumalahok sa Eukaristiya

at iba pang mga seremonya ng Liturhiya at mga popular na banal na gawain. Ang pagmamahal na ito ay kanyang isinalin sa **PAG-IBIG SA KAPWA:** mga miyembro ng kanyang pamilya, mga kaibigan, mga katrabaho at bayang pinagmulan: ang kanilang mga wika at kultura, sa mga paglalakbay na nakapag-ugnay sa kanya sa mga tao, tanawin, kaugalian at mga bantayog sa buong lupain ng Catalonia. Ang dalawang pag-ibig na ito ay parehong nakaugat sa walang pag-iimbot na sakripisyo at pag-ibig sa **KRUS,** na sinisimbolo ng korona sa lahat ng mga gusali, mapa-relihiyoso man at sibil.

Sa makamundong pananaw ng tao, masasabing siya ay isang malaking pagkakabigo, sapagkat ang ilan sa kanyang mga natatanging likha at proyekto ay di natapos ng tuluyan at marami sa mga ito ay tinuligsa at di naunawaan ng mga opisyal at intelektuwal sa kanyang panahon. Tanging isang maliit na grupo lamang ng mga kaibigan at «visionary» artists ang humanga sa kanya, sampu ng mga karaniwang tao at mga bata.

Si Gaudi ay isang **MADASALIN** na tao: pumupunta siya sa araw-araw na Misa at tumatanggap ng Komunyon. Ang pagbabasa at madalas na pagmumuni-muni ng Banal na Ebanghelyo ay makikita rin sa mga representasyon ng mga misteryo ng buhay ni Hesus na siyang gumagayak sa harapan ng Nativity at humahatak ng pansin para sa dalawa pang mga facades: ang **PASYON** at **LUWALHATI.** Kapag ipinaliwanag sa mga bisita ang mga gawang ito sa Templo, ang ekshibisyon ay isang mahusay na **DOKTRINANG PANG-APOSTOL.** Ang mga eksena ng Ebanghelyo, ang himig ng kanyang mga salita na nagbigay ng magandang impresyon sa kahit sino mali-

ban lamang sa mga may malamig na pagtingin sa labas ng kanyang buhay relihiyoso.

Minahal niya ang **LITURHIYA** -bilang isang arkitekto kinonsidera niya ang mga pangunahing tungkulin ng simbahan, at ito ay masasalamin naman sa kanyang mga likha; siya ay isang deboto ng Birheng Maria at ang kanyang asawang si San Jose. Ang kanyang mga gawa, kabilang na ang mga sekular na likha, ay animo'y parang Krus na may apat na kamay, at sa maraming pagkakataon ay may anagram ng Banal na Pamilya (Sagrada Familia), JMJ: si Jesús, María at José.

Ang Casa Mila, kilala bilang La Pedrera, ay itinayo bilang isang pagkilala sa Birhen ng Rosaryo, na kung saan may mga alamat tungkol kay Maria na nakatala sa mga haligi at taos-puso at mala-tulang iskripto sa kisame at sa panlabas na pasamano ng huling apartment. Ang isang malaking larawan ng Birheng Maria katabi nina St. Michael Archangel at St. Gabriel ay nakaplano sanang maging korona ng gusali. Nang hindi pinayagang ilagay ito ng may-ari ng Casa, inabandona ni Gaudi ang proyekto at sinabing kung sa simula pa lamang ay alam na niya ito, hindi niya sana tinanggap ang kontrata.

Ang mga teolohikal at moral na bertud na isinabuhay niya ay batay sa malalim na **PAGKAMABABANG-LOOB,** at isinabuhay niya ang mga ito ng natural at may malalim na paniniwala. Ang pambihirang talento na lumikha ng mga orihinal na porma sa espasyo ay lagi niyang itinuturing na biyaya mula sa langit, at hindi niya ito ipinagmayabang kailanman.

Si Ginoo Lluch, isang taga-gawa ng kabinet at dekorador, anak ng kinikilalang artist sa kahoy, ay may sulat na testimonya

Etsuro Sotoo, iskultor na Hapones na nagtatrabaho sa Sagarada Familia, ipinaliliwanag sa mga Hapones na Emperadores ang harapan ng Nativity. Sa likod ay si Jordi Bonet, ang arkitekto ng Templo. Sa kaliwa ni Etsuro ay ang guro na si Joan Bassegoda, ang may hawak ng Katedral at ang mga pinakaprestihiyosong eksperto ng kanyang arkitektura.

sa kanyang ama, bilang isang mag-aaral ng School of Fine Arts, na binisita niya ang Sagrada Familia kasama ang kanyang mga kamag-aral. Si Gaudí raw mismo ang tumanggap sa kanila at nagbigay ng lahat ng uri ng paliwanag sa mga detalye. «Lumapit ang aking ama sa isang tao upang kunan sila ng larawan, pero pinigilan siya ni Gaudi sa pamamagitan ng pagmumuwestra at nagsabing: *'Huwag kayong maghanap ng kaluwalhatian ng tao: ang kaluwalhatian ay para sa Diyos»*.

May isang kaibigan si Gaudí, isang napakapihikang tao pagdating sa usapin ng moralidad, ang nakaisip na gumawa ng listahan ng mga ideyal na kinatawan ng mga tao sa larangan ng pulitika, sining, agham, atbp. na maaaring iharap bilang mga walang bahid na mga modelo, lalo na sa kabataan. Ang listahan ay nakagawa ng kanais-nais na impresyon. Ngunit nang mapag-alaman niyang ang ilan sa mga ito ay mayroong kahit anong kapintasan sa ugali, sa tingin niya: isang kabawasan, at mayroong dalawa na lamang na natitira sa listahan.

Isang araw,ang lalaki ay natagpuan si Gaudí at sinabi ang kanyang mga nararamdamang pagkabigo:

"Tingnan mo, maraming mga pangalan na nakolekta, ngunit dalawang tao lamang ang may integridad."

—*"At sino-sino sila?"* tanong ni Gaudí.

—"Ikaw at si Master Millet."

—*"Kung gayon, maaari mo kaming burahin. ¿kung sakaling hindi mo alam ang Luwalhati ng Misa, sinasabi natin: "Tu solus sanctus"? Mayroong Isa lamang Santo.*

Ang guro na si Rosa Pares, pamangking babae ng pastor ng Sagrada Familia, ay tumestigo na nung ang kanyang ama ay

dumating sa Templo upang makipag-ugnay sa kanyang kapatid na si Fr. Gil Pares na ang kanyang manugang na babae ay ipinagbubuntis ang isa pang anak (mayroon na siyang labintatlo), sinabi niya:

—¡Ay Gil! Naghihintay si Paquita para sa isa pang nilalang. ¡Nakakaawa! At si Gaudí, na noon ay naroroon, ay nagsabi:

—¡Ay nakakaawa! Kapag binigyan tayo ng ating Panginoon ng mga anak, alam Nya kung bakit Nya ito ginawa.

Dahil sa ang arkitekto ay isang nilalang na isinabuhay ang maka-Kristiyanong **PAG-ASA** at tiwala sa pagkakaloob ng Poong Maykapal.

Ang isang di pag-sang-ayon ukol sa kabanalan ni Gaudí ay ang tungkol sa umano'y kanyang ugali na minsan ay kanyang ipinahahayag sa magaspang na pananalita kung ang kausap niya ay isang taong masyadong mapagmaalam o mapangahas. Alam niyang mayroon siyang ganitong depekto at nagpunyaging iwasan ito, ngunit hindi ito naging hadlang upang siya'y maging **MASAYA** at magpatawa sa pamamagitan ng mga biro. Siya ay kaibigan ng marami at kinagigiliwan ng mga bata. Pahayag ni Rosa Pares: «Ang mga bata na nakatira doon ay naglalaro...at kapag nakita ni Don Anton ay pinalalapit nya at kinakausap. Ang kanyang aspeto ng mabuting tao, ang kanyang mga kamay na nasa loob ng kanyang amerikana, —at higit sa lahat, kapag siya ay laging nakasuot nito— ito ay nagbibigay sa amin ng lakas ng loob at kami ang tumatakbo patungo sa kanya. Pinapagalitan kami ni Tiya Maria: «¡'Huwag niyong istorbohin si Don Anton!» Ngunit sabi niya:

—«Alam nyo ba na gusto ng Panginoon na andito ang mga bata?»

Minahal niya lalong-lalo na ang **KAHIRAPAN**. Iginiit niya ang ganito: «Ang kahirapan ay humahantong sa marangal at kagandahan; ang kayamanan ay napupunta sa kasaganaan at kaguluhan na hindi maaaring maging maganda».

Isinabuhay niya ang mala-bayaning **KASIPAGAN**. Minsan siya ay nagkomento sa isang trabahong mahusay na natapos: *«Ang marami sa atin, kapag gumagawa ng isang bagay at kapag malapit na itong matapos ng mahusay, hindi ka dapat makuntento sa nakuhang resulta. Ito ay isang pagkakamali: Kapag ang isang bagay ay patungo sa pagiging perpekto, ito ay kinakailangang pisilin hanggang sa ito ay maging ganap na mahusay»* Huwag mag-atubiling baguhin ang direksiyon ng isang gawa, kung ang mga pagbabago ay para sa mas ikabubuti nito.

Siya ay namuhay ng **PAYAK** sa kanyang kuwarto at sa pagkain, dahil siya ay naniwala na kapag ang isang pamilya ay may saganang buhay, ito ay dahil may isang taong nagsakripisyo para rito. Iyon ang dahilan kung bakit siya ay lubos na nananadyang magpenitensiya at mag-ayuno lalo na kung Mahal na Araw. Nung siya ay nabubuhay pa sa taong 1894, siya ay halos mamatay sa gutom.

REPUTASYON NG KABANALAN

Sa pagkamatay ni Gaudí, balita na sa buong Barcelona ang ukol sa kanyang kabanalan at mala-bayaning kabutihan.

Sa parehong taon ng Obito, isang mahalagang Pampublikong Editoryal ang naglathala « Antoni Gaudí. Ang kanyang buhay. Ang kanyang mga gawa. Ang kanyang kamatayan», ng mga teksto ng 17 na manunulat na nagpahayag ng papuri sa namayapang arkitekto. Ang dating director ng Diocesan Museum na si Fr. Manuel Trens ay may artikulong pinamagatan niyang «Ang Arkitekto ng Diyos » at gumawa ng isang propesyonal na profile ukol sa katuparan ng likha ni Gaudi na ginawang inspirasyon ang Diyos, ang Sagrada Familia.

Sa palagay naman ni Arkitekto J.F. Rafols, si Gaudí ay hindi maiintindihan ng lubusan sa labas ng interpretasyong batay sa pananampalataya.

Isa sa mga madre, isang novice, ang nangalaga sa gawaing bahay sa Park Guell, ay naghayag na: «Siya ay isang santo. Sigurado ako dito, mula noon hanggang ngayon —mabilis ang panahon, tumatakbo na sa taong 1962— at kumbinsido ako na mailalagay si Gaudí sa isa sa mga altar».

Isang paring diocesano na si Fr. Francesc Baldello, ang nagtatag ng «Amics del Goigs» at isang tanyag na musicologist na may isang mahabang kasunduan kay Gaudí mula 1915, ay naglathala ng isang artikulo sa isang journal na «Temple» noong Abril 1971, na kung saan inulit niya ang mga huling salita sa kanyang talumpati bilang pagkilala sa arkitekto na pinamahalaan ng «Foment de les Arts Decorativas» (FAD): «Taos-puso akong umaasa na ang aking posibleng interbensyon sa isang bagong batas sa karanga-

lan ni Gaudí ay isang resulta ng pagsisimula ng proseso ng kanyang beatipikasyon." At ang pagnanais niyang ito ay siya ring naging naisin ng lahat ng mga dumalo sa kumperensiya.

¿Bakit wala pang nasimulang pormal na promosyon para sa beatipikasyon ng arkitekto kung namatay itong isang banal? Mukhang ang dahilan ay kapareho ng sitwasyon na kung saan konti lamang ang beatipikasyon ng mga laiko, di tulad ng sa mga kleriko at relihiyoso: Walang taong nangasiwa sa likod nito, o isang institusyon na magtatagal at maaaring mag-ukol ng oras at may pinansiyal na kapabilidad para sa mahaba at matrabahong negosasyon sa proseso ng beatipikasyon.

Kaya nang ang isang grupo ng mga Katoliko ay binuo ang **SAMAHAN PARA SA BEATIPIKASYON NI ANTONI GAUDÍ,** ang reaksyon ng publiko ay masigabo, at maugong ang balita sa lahat ng uri ng midya sa Espanya at sa iba pang maraming bansa.

Ang unang donasyong natanggap nila ay ang mula kay Fr. Joan Martí, obispo ng Urgell, na sinamahan niya ng isang liham na idinagdag para sa inisyatibo.

Si Monsignor Joan Carrera naman, Auxiliary Bishop ng Barcelona, ay nagpahayag sa "La Vanguardia" (Oktubre 20,1992): «Sa tingin ko ito ay isang lehitimo at makatwirang panukala. Tiningnan ko siya ng may tunay na simpatya, si Antoni Gaudi, ang mahusay na Kristiyanong layko. Ang Sining at ang Pananampalataya ay hindi maaaring paghiwalayin»

Noong Enero 1993, ang opisyal na Newsletter ng Diocese ng Astorga ay naglathala ng isang artikulo na sumusuporta sa petisyon para sa unang proseso ng beatipikasyon kay Gaudi.

Si Gaudi habang tumatanggap ng komunyon sa Misa ng pagsisisi para sa kalapastanganan sa Diyos sa ilalim ng isang pansamantalang tolda na kung saan ngayon nakatayo ang lugar ng Sagrada Familia.

Sa hanay naman ni Cardinal Narcís Jubany, dating Arsobispo ng Barcelona, siya ay nagsulat ng paunang salita sa aklat ni Arkitekto Jordi Bonet na «Templo ng Sagrada Familia»: «Isang araw, ang templong ito ay nagsilang ng henyong arkitekto sa pangalan ni Antoni Gaudí, ang 'napakahusay na tagapagtayo sa siglong ito» ayon sa mga salita ni Le Cobursier. Siya ay isang tao na ibinigay at ginawa ang lahat, at ang kanyang kaluluwa ay kaluluwa ng isang malalim na Kristiyano. Samakatuwid karamihan ng kanyang likha ay mga tanda at templong Katoliko. Ang araw na ito sa Sagrada Familia ay tiyak na isang araw ng kagalakang mistikal».

Bilang karagdagan, ang kapuri-puring buhay ni Gaudí at ang kanyang reputasyon sa kabanalan ay nagkaroon at patuloy na nagkakaroon ng isang magandang impluwensiya sa maraming tao. Pagkatapos ng pagbisita at pag-aaral sa kanyang trabaho noong 1926, ang sikat na arkitektong Hapon na si Kenji Imai ay lumipat ng pananampalatayang Katolisismo. Noong 1991, ang iskultor na isa ring Hapon na si Etsuro Sotoo na nagtatrabaho sa Sagrada Familia ay tinalikdan ang Shintoism at nabautismuhan sa pamamagitan ni Monsignor Carrera. Noong 1996, ang Amerikanong negosyante na si Charles Teetor, na kabilang sa «Christian Science» na relihiyon sa kanyang pagkabata, ay lubos ang pagkasiya sa mga gawa ni Gaudí, at sa New York siya ay nagpabinyag sa isang Simbahang Katoliko. Noong Marso 19, 1998, si Hun Young Joo, direktor ng Chamber of Commerce ng Pusan (Korea) at isang deboto ng Budismo, ay naapektuhan ng todo sa pananampalataya matapos niyang pumunta sa isang eksibisyon ng mga likha ni Gaudí

sa kanyang lungsod. Siya ay naniwala sa pag-iral ng Diyos at lumipat ng pananampalataya sa Katolisismo.

PROSESO NG BEATIPIKASYON

Noong Hunyo 10, 1992, sa ika-animnapu't anim na anibersaryo ng pagpanaw ng arkitekto, isang grupo ng mga Katoliko ang nagbuo ng Samahan para sa Beatipikasyon ni Gaudí. Agad-agad, sila ay nagpalabas ng na-edit na mga kopya ng pribadong debosyon sa wikang Catalan, Español, Ingles, Hapon; at pagkatapos ay sa wikang Italiano, Aleman, Pranses, Portuges, Polish, at sa bawat pagkakataon na may mga bagong wika, sila ay kumuha ng pahintulot mula sa Arsobispo ng Barcelona.

Noong Mayo 13, 1994, pagkatapos mangolekta ng malawak na impormasyon tungkol sa arkitekto, ang Samahan para sa Beatipikasyon ni Antoni Gaudí ay pormal na tinanong ang Arsobispo ng Barcelona — kung saan siya namatay — ang pagbubukas ng proseso ng beatipikasyon. Ang Samahan ang siyang naging nagsasakdal sa nasabing proseso at responsable sa lahat ng gastos, pamamahala, atbp.tungkol sa kaso.

Noong Marso 19, 1998, inayos ng samahan ang libingan ni Gaudí sa Sagrada Familia at naglagay ng isang kahon para sa mga donasyon, na trabaho ng iskultor na Hapon na si Etsuro Sotoo. Ang kahon na ito ay ginawan ng maliliit na kopya at inilagay sa mga paaralang gawa ni Gaudí, na nabuo sa pamamagitan ng intersection ng tatlong mga puso: Jesus, Maria at Jose.

Noong Abril 18, 1998, ang Cardinal Arsobispo ng Barcelona ay nagmungkahi kay Fr. Lluis Bonet i Armengol, ang kura paroko ng Sagrada Familia, bilang Vice-Postulator para sa pagsulong ng beatipikasyon ni Antoni Gaudí.

Si Fr. Lluis Bonet, sa kanyang posisyon bilang Vice-Postulator, ay kaagad na nagsimulang mag-udyok ng mga hakbang patungo sa pagbubukas ng proseso ayon sa kasalukuyang batas kanonikal.

Upang maisulong ang proseso ng beatipikasyon ng isang sikat na tao, ayon sa mga tuntunin ng Holy See, kinakailangan ang pagsang-ayon ng malaking bilang ng mga obispo. Noong May 5, 1998, inaprubahan nang walang tutol ng Episcopal Conference ng Tarraconense —na nagsasama sa archdiocese at ang diyosesis na nakabase sa Catalunya— ang simula ng proseso ng beatipikasyon.

Noong Septyembre 17, 1998, may itinalagang mga kasapi ng Historical and Theological Commission na ang misyon ay pag-aralan ang buhay ni Gaudi mula sa mga punto de bistang ito. Noong Oktubre 23, 1998, hinirang ang isang hukuman «adcasum» upang mangolekta ng mga testimonya ng mga tao na buhay pa at personal na nakilala si Antoni Gaudi, ukol sa kanyang katandaan.

Nang matapos ang ulat ng Theological Commission, ang Archdiocese ng Barcelona ay nagpadala sa Holy See noong Disyembre 22, 1999, ng kumpletong dokumentasyon at humiling ng pahintulot para sa opisyal na pagbubukas ng proseso. Di tulad ng nakagawian, agad-agaran silang sinagot ng Holy See ng nihil obstat (walang balakid) noong Pebrero 22, 2000.

Matagumpay nilang naisakatuparan ang lahat ng papel na kailangang trabahuhin, at alinsunod sa mga alituntunin ng Holy See, ang proseso ng beatipikasyon ni Antoni Gaudí ay inilunsad noong Abril 12, 2000. Ang taimtim na sesyon ay ginanap sa Episcopal Palace ng Barcelona, na pinamunuan ni Cardinal

Arsobispo, Ricard Maria Carles. Bukod sa kanya ay ang panunumpa ng vice-postulator na si Fr. Lluis Bonet, at mga miyembro ng hukuman: ang nakatalagang Hukom, Fr. Josep Maria Blanquet, mula sa Congregation of the Sons of Sagrada Familia (SF), ang Notaryo, Fr. Jesus Diaz Alonso (SF), ang Notary Subtitle, Bro. William Osvaldo Aparicio (SF) at ang Tagataguyod ng Hustisya, Fr. Jaume Riera.
Mula noon, pinakinggan ng hukuman ang mga testimonyo na inilahad ng Vicepostulator at yaong mga eks opisyo. Tinapos ang prosesong diyosesano at ipinadala sa Holy See kung saan ipagpapatuloy ang pagpapatibay nito sa Congregation for the Cause of Saints. Sa bandang huli, nilagdaan ng Papa ang atas ng kabayanihang bertud ni Antoni Gaudí, at sa ganitong kaso , itataas sa mga altar ang Arkitekto ng Diyos.

PRIBADONG DEBOSYON AT MGA PABOR

Habang ipinagpapatuloy ang mga gawain tungo sa posibleng beatipikasyon, iginawad ni Gaudí ang maraming pabor sa mga deboto at sa mga taimtim na humiling ng kanyang pamamagitan sa harap ng Diyos.

Ang anak na babae ng isang ginang na nakapagtapos ng pag-aaral ng arkitektura ang nagkaroon ng isang nakabinbing proyekto para sa pagtatapos ng kanyang karera, nang ito ay maantala at naging mahirap para sa kanya ang pagpresenta ng proyekto. Isang araw, gamit ang estampita mula sa kanyang ina na may panalangin para sa Arkitekto ng Diyos, humiling siya ng kanyang pamamagitan upang malutas ang

nakabinbing proyekto. Sa maikling panahon, ang anak na babae ay nakapagpresenta ng proyekto at ito naman ay naaprubahan.

May dalawang magkaibigan, si Aurora at si Ma.Teresa, ang nagsulat ng ganito: "Nadama ni Teresa na kinailangan niyang magpunta sa puntod ni Gaudí. Siya ay naengganyong pumunta ngunit di niya alam kung bakit, at sa pagpasok niya sa Sagrada Familia, nakadama siya ng kapayapaan sa kaibuturan na di kailanman niya naramdaman sa buong buhay. Sinabi niya sa akin kung ano ang nangyari, at sinabi nila na si Gaudí ay nagbigay ng dobleng biyaya para sa kanila, kumuha sila ng bato mula sa gilid at nakahanap ang mga ito ng trabaho. Nang may pasasalamat, nagbigay sila ng donasyon para sa beatipikasyon ni Antoni Gaudí.

Isang asawa ng arkitekto mula sa Valencia ang humiling kay Gaudí para ang kanyang asawa ay manalo ng isang premyo na isang napakahalagang premyo sa arkitektura, at nangakong magbibigay ng malaking donasyon sa Samahan para sa Beatipikasyon ni Antoni Gaudí. Ang hiling ay pinagbigyan ito, at ipinadala ang kanilang donasyon na may kasamang pagpapaliwanag.

Isang mag-aaral ng arkitektura mula sa Innsbruck, Austria, ang nakawala ng kanyang plano sa proyekto na ipipresenta sana niya upang makilala bilang pinakamahusay na alumno, at wala siyang kopya nito. Hiniling niya ang pamamagitan ni Gaudí at sa paraang sobrang taliwas sa inaasahan,

nakita niya ito matapos maiwala sa lugar ng sekretarya ng paaralan.

Isang arkitektong mula sa Madrid na nagkaroon ng karera sa unibersidad sa Barcelona ang nagsulat na di niya pinalampas ang pagkakataong bumalik ng Barcelona para manalangin sa puntod ni Antoni Gaudí. Sa kanyang pagbabalik sa Madrid, dinasal niya ang panalangin para sa kanyang bayaw na noo'y dumadaan sa operasyon matapos magkaron ng intestinal bleeding, at sa mga sandaling iyon, ang kanyang bayaw ay pinauwi mula sa ospital matapos gumaling.

May isa pang lalaki mula sa Barcelona ang nagtestigo ng ganito: 49 taong gulang ako at walang trabaho o naganganib sa kondisyon ng trabaho, at isang araw matapos ang pagbubukas ng proseso ng beatipikasyon," tumayo ako sa simbahan ng Sagrada Familia at habang hinahangaan ito, natandaan ko ang kuwento at sa sandaling iyon ipinangako ko na kung ako ay makahanap ng trabaho, ipapaalam ko sa Samahan na ang trabaho na hiniling ko ay naibigay…".

At ang isang ginang mula sa Salta (Argentina) ay nagsabi ng ganito sa kanyang liham: "Nais kong pasalamatan sa publiko ang pamamagitan ni Don Antoni Gaudí sa aking buhay. Humiling ako ng tulong para sa aking bahay, at sa loob ng mas maikli pa sa 2 taon, nakuha ko ang apartment. Gayundin ang kaso ng aking anak na lalaki, na nakipagkita sa kanyang ama matapos ang 13 taon at sa aking dasal na mamagitan si Gaudí sa harap ng Diyos para sa pag-aaral ng

aking anak na lalaki at sa aking fibroid operation...”

Gamit ang pahinang ito, hinihikayat namin kayong humingi ng mga kahilingan sa ngalan ni Gaudí. Maaari kayong magsagawa ng nobena sa loob ng 9 na sunud-sunod na araw na dinadasal ang panalanging ito:

PANALANGIN PARA SA PRIBADONG DEBOSYON

Diyos, aming Ama, na siyang nagbigay sa iyong lingkod na si Antoni Gaudi, arkitekto, ng dakilang pag-ibig sa iyong sangkalikasan at ng buong sigasig na tularan ang mga misteryo ng pagkabata at pagpapakasakit ng iyong Anak; pahintulutan mo sana na sa pamamagitan ng biyaya ng Banal na Espiritu Santo, ipinagkatiwala mo sa akin ang mahusay na gawain, at pagindapatin mong luwalhatiin ang iyong lingkod na si Antoni, sa pamamagitan ng pagkakaloob, sa ngalan niya, ng aking hiling *(petisyon)* sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. Amen.

Hesus, Maria, at Jose, bigyan nyo po kami ng kapayapaan at pangalagaan ang aming pamilya. *(3 beses)*

Para sa mga biyayang natanggap, maaring makipag-ugnay sa:

Samahan para sa Beatipikasyon ni Antoni Gaudí
Apartado de Correos 24094
08080 Barcelona (Spain)

Maaari rin kayong sumadya sa amin ng diretso kung gusto ninyong tumanggap ng mga estampita, newsletter at mga kopya ng polyetong ito.

Ang inyong donasyon ay kinakailangan para sa ang mga gastos para sa beatipikasyon. Maaari niyong ipadala ang mga ito sa aming address o maaari kayong magdeposito sa aming bank account:

La Caixa, IBAN-ES62-2100.0810.2902.0067.4014
BIC (SWIFT) code: CAIXESBBXXX

Maraming salamat sa inyong mga donasyon.

BIBLIOGRAPIYA

Sa mga nailathalang libro tungkol kay Gaudí, iminumungkahi namin ang mga ito:

—**Rafael Álvarez Izquierdo,** GAUDÍ, ARQUITECTO DE DIOS 1852-1926, Palabra (P.º de la Castellana, 210; 28046 Madrid), 2.ª ed., 1999.

—**Joan Bassegoda Nonell,** EL SENYOR GAUDÍ, Claret, Barcelona, 2001.

—**Joan Bassegoda Nonell,** GAUDÍ, Salvat, Barcelona, 1982 y 2001.

—**Lluís Bonet i Armengol,** LA MORT DE GAUDÍ i EL SEU RESSÓ A LA REVISTA «EL PROPAGADOR DE LA DEVOCIÓN DE SAN JOSÉ», Claret, Barcelona 2001.

—**Lluís Bonet i Armengol,** LA MORT DE GAUDÍ í EL SEU RESSÓ EN ELS DIARIS i REVISTES DE L'ÈPOCA, Claret, Barcelona, 2000.

—**Juan Matamala,** MI ITINERARIO CON EL ARQUITECTO, Claret, Barcelona, 1999.

—**Josep F. Ràfols,** GAUDÍ 1852-1926. Claret, Barcelona, 1999 (facsímil de la edición de 1952).

—**Josep Maria Tarragona,** GAUDÍ, BIOGRAFIA DE L'ARTISTA. Proa, Barcelona, 1999.

—**Josep Maria Tarragona,** GAUDÍ, UN ARQUITECTO GENIAL, Casals, Barcelona, 2001.



Associació pro Beatificació d'Antoni Gaudí

PO Box 24094
08080 BARCELONA
SPAIN